



# Pamantayan sa Produksiyong Pang-Agrikultura (APS) sa Isang Sulyap

Fair Trade USA

# Pagpapakilala

Sa Fair Trade USA at sa APS



## Ano ang Fair Trade USA?

Ang Fair Trade USA ay isang organisasyong hindi pangkalakal at ang nangungunang taga-sertipika ng mga produktong Fair Trade sa Hilagang Amerika. Kami ay nagtataguyod ng mga napananatiling mga kabuhayan para sa mga maliliit na magsasaka at manggagawa sa agrikultura, pangisdaan at kasuotan at mga kagamitan sa bahay, nangangalaga sa maselang ecosystem, at magtaguyod ng malakas, transparent na mga supply chain sa pamamagitan ng independienteng third party na sistema ng pagsertipika.

Kinikilala namin na ang pagpapanatili ay isang paglalakbay, at ang aming pamantayan ay nakatuon sa tuloy-tuloy na pagpapabuti sa pagdaan ng panahon upang makamit ang pinakamataas na panlipunan, pang-ekonomiya, at pang-kapaligirang gawi. Ang aming pinagkakatiwalaang Fair Trade Certified™ seal ay tanda na ang pinakamahigpit na pamantayan ay natugunan sa produksiyon, kalakal, at pagtataguyod ng mga produktong Fair Trade mula sa higit 45 na bansa sa buong mundo.

## Ano ang Sertipikasyong Fair Trade?

Ang sertipikasyong Fair Trade ay kailangan nang regular na pagsusuri ng mga independienteng auditor upang masiguro na ang mga requirement ay natugunan. Ang Fair Trade ay nakatuon sa panlipunan at pangkapaligirang responsibilidad, ibig sabihin nito ang kapakanan ng mga tao na nagtatanin at nagpoproseso ng mga produkto at kanilang paligid.

Sa sandaling sumunod sa mga kaugnay na mga pamantayan, ang mga sertipikadong entity ay maaring magbenta ng kanilang mga produkto na may Fair Trade Certified™ seal, na nagreresulta sa pagbibigay ng Fair Trade Premium sa mga magsasaka at manggagawa sa supply chain. Ang pagkakaroon ng Fair Trade Certified™ seal sa mga produkto ay nangangahulugang alam ng mga mamimili na ang kanilang mga produkto ay nakatugon sa mahigpit na mga requirement.

## Paano Nakikinabang ang mga Magsasaka at Manggagawa?

Mula sa katatagan ng ekonomiya hanggang sa edukasyon at pagbibigay kapangyarihan, ang Fair Trade ay nagbibigay sa mga magsasaka at manggagawa ng boses at pinabuting kabuhayan. Ang Fair Trade ay nag-aalok ng:

- Pinahusay na kondisyon sa trabaho,
- Transparent na mga tuntunin sa kalakalan,
- Malinaw na mga kontrata
- Premium na pondo para sa pamumuhunan ng komunidad, at

- Pagsasanay sa pangunahing mga karapatan sa trabaho na kailangan upang mapabuti ang kanilang buhay at magplano para sa kanilang kinabukasan.

## Paano Nakikinabang ang mga Kasosyo?

Ang Fair trade ay nakikipag-ugnayan sa mga negosyo sa pamamagitan ng pagbibigay ng gantimpla para sa mga responsible at etikal na mga desisyon. Ito ay isang paraan upang mapagtibay ng negosyo ang kanilang mga supply chain, mapababa ang peligro, pataasin ang transparency at ugnayan sa pagitan ng mga nasa supply chain, at mga pangangailangan ng mapanuring mga mamimili. Ang kilalang Fair Trade seal ay namumukod-tangi ang produkto sa sa merkado sa pamamagitan ng paglalahad ng kwento sa likod ng produkto at pagpapasigla ng interes ng mamimili.

## Paano Nakikinabang ang mga Mamimili?

Kapag bumili ng mga kalaka na Fair Trade Certified™, sulit ang kanilang ginastos – ang pagsuporta sa responsableng kumpanya, pagbibigay kakayahan sa mga magsasaka at manggagawa, pagpapabuti sa kapakanan ng komunidad at indibidwal, pagtataguyod ng napananatiling kita at ligtas na kondisyon sa trabaho, pati na rin ang pangangalaga sa kapaligiran.

## Buod ng APS

Itinatalaga ng Pamantayan sa Produksiyong Pang-Agrikultura (APS) ang mga requirement ng Fair Trade USA Certified™ na sistema ang produksiyong pang-agrikultura sa buong mundo – na sumasaklaw sa magkakaibang grupo at sukat ng sakahan at ang mga kaugnay ng pasilidad ng pagpoproseso sa ilalim ng isang Pamantayan. Ang mga sakahan at pasilidad ay ino-audit sa mga pamantayan na naaangkop sa kanilang sakahan at sukat ng pasilidad (Maliit, Katamtaman o Malaki). Ang mga requirement sa pagsunod sa APS ay hinati sa anim na module:

- Pagbibigay Kapangyarihan
- Mga Pangunahing Karapatan sa Trabaho
- Sahod, Kondisyon sa Trabaho at Access sa mga Serbisyo
- Biodibersiti, Ecosystem Function, at Napananatiling Produksiyon
- Traceability at Transparency
- Internal Management System

Ang susunod na mga pahina ay may pagpapakilala at buod ng sistema ng sertipikasyong Fair Trade at pangunahing tema ng APS. Para sa buong detalye, basahin ang APS at kaugnay na mga tuntunin na maaring makita online sa: [www.FairTradeUSA.org](http://www.FairTradeUSA.org).

# Ang Galaw ng mga Kalakal at Epekto



## Mga Produktong Fair Trade

Mga produktong itinanim, nayari, at ikinalakal sa ilalim ng Pamatayan ng Fair Trade. Binabayaran ng Premium ang lahat ng mga produktong ibinenta sa tuntunin ng Fair Trade. Ang ilang produkto ay mayroon ding Pinakamababang Presyo, na nagpoprotekta sa mga magsasaka mula sa pabago-bagong presyo sa merkado.



Galaw ng Kalakal



## Fair Trade Premium

Ang karagdagang direktang bayad ng mga kasosyo sa mga magsasaka at manggagawa upang suportahan ang mga proyektong pangkaunlaran ng komunidad. Ang Premium ay itinalaga batay sa kada-produkto, kada unit at ipinadadala mula sa kasosyo.



Galaw ng Premium



## FAIR TRADE USA

Sumusuporta sa kabuuang supply chain at sa proseso ng sertipikasyon, sinusubaybayan ang pagbabayad ng Fair Trade Premium, Pinakamababang Presyo kung saan naaangkop, pabalik sa mga magsasaka at manggagawa.

### MGA MAGSASAKA AT MANGGAGAWA

Nagtatanim at nagpoproseso ng mga produktong pang-agrikultura habang tinutugunan ang mga pamantayang Fair Trade.

### MGA MAY HAWAK NG SERTIPIKO


Sinisiguro na ang mga magsasaka ay sumusunod sa mga pamantayan ng Fair Trade at napamamahalaan ang benta sa mga kasosyo.

### KASOSYO

Bumibili, nagle-label, at nagbebenta ng Sertipikadong mga produkto at nagbabayad ng Fair Trade Premium.

### MGA MAMIMILI

Sinusuportahan ang mga gawing etikal, at napananatiling kabuhayan para sa mga magsasaka at manggagawa.



### MGA PREMIUM PARTICIPANT


Nagdedesisyon kung paano gagamitin ang Fair Trade Premium upang sila at ang kanilang komunidad ay makinabang.

### FAIR TRADE COMMITTEE

Mga ibinoto na grupo na kumakatawan sa mga Premium Participant at namamahala ng mga pondo at proyektong Premium.

### KOMUNIDAD

Ginagamit ng mga magsasaka at manggagawa ang Premium upang pondohan ang mga proyekto nang matugunan ang mga pangangailangan ng kanilang mga pamilya at komunidad.



# Cycle ng Sertipikasyon


ng Pamantayan sa Produksiyong Pang-Agrikultura ng Fair Trade

## Mga Audit ng Fair Trade

Isinasagawa ang audit ng isang independienteng organisasyon upang mapatunayan ang pagsunod sa APS.

Ang proseso ay batay sa tatlong taong cycle, na may inisyal na desisyon sa sertipikasyon sa inisyal na audit (Taon 0).

Nag-o-audit kada taon upang masuri ang mga kasalukuyang pagsunod sa APS.



### Magkano ang magpasertipika?

(1) Ang **gastos sa pagsunod** ay depende sa antas ng kailangang pagbabago upang makasunod sa APS ang lahat ng lugar at entity na kasama sa saklaw ng Sertipiko.

(2) Ang **gastos sa audit** ay magkakaiba ayon sa dami at sukat ng lugar sa ilalam ng Sertipiko, bilang ng mga manggagawa at magsasaka, pati na rin ang paggamit ng kontratista, third party na mga recruiter, at na-subcontract na mga pasilidad. Ang tauhan ng Fair Trade USA Supply chain ay maaaring magbigay ng pagtantya sa gastos. Magpasa ng aplikasyon para sa pagtantya ng presyo mula sa isang naming organisasyong nagsesertipika.



### May mga tanong?

Ang susunod na mga pahina ay binalangkas ang mga requirement ng APS.

Para sa mga mapagkukunan o upang makipag-usap, bisitahin ang:

**FairTradeCertified.org** o

**info@fairtradeusa.org**

# Buod

## ng Anim na Modyul ng APS

**SUKAT NG SAKAHAN AT PASILIDAD**  
ay tinutukoy ang takdang panahon ng mga requirement ng APS.

**Maliit**  
0-5 permanenteng  
manggagawa AT mababa sa  
25 kabuuang manggagawa.

**Katamtamang Laki**  
6-25 permanenteng  
manggagawa O 25-100  
kabuuang manggagawa.

**Malaki**  
Mahigit sa 25 permanenteng  
manggagawa O mahigit sa  
100 kabuuang manggagawa.

1

### PAGBIBIGAY KAPANGYARIHAN

Gumagabay sa pagtukoy sa mga Premium Participant, may demokratikong botohan ng Fair Trade Committee, at pamamahala at paggasta sa pondo ng Premium sa mga proyekto batay sa pangangailangan.

KOMUNIDAD

MGA MAGSASAKA  
AT MANGGAGAWA

MGA MAY HAWAK  
NG SERTIPIKO

2

### MGA PANGUNAHING KARAPATAN SA TRABAHO

Binabalangkas ang mga karapatan ng indibidwal at pangkalahatang kapakanan at pagsasarili, kabilang ang kalayaan mula sa forced at child labor at diskriminasyon, proteksyon sa kabataang manggagawa, at freedom of association.

3

### SAHOD, KONDISYON SA TRABAHO AT ACCESS SA MGA SERBISYO

Nagtatakda ng mga requirement upang mapahusay ang kalusugan at kaligtasan ng magsasaka at manggagawa, oras ng trabaho, makatarungang mga sahod, at benepisyo, at upang itaguyod ang pagmamalasakit sa tauhan at bukas na komunikasyon.

4

### BIODIBERSITI, ECOSYSTEM FUNCTION, AT NAPANANATILING PRODUKSIYON

Tumutulong na maprotektahan ang biodibersiti, pagiging produktibo ng lupa, at tubig; pigilan ang mga peligro mula sa mga pestisidyo at basura; mapahusay ang katatagan sa pagbabago ng panahon, kalusugan at kalidad ng buhay ng mga magsasaka, manggagawa, at ng kanilang komunidad.

5

### TRACEABILITY AT TRANSPARENCY

Nabibigay ng balangkas para sa traceability ng Fair Trade Certified™ na mga kalakal, sinisiguro na ang mga kasunduang Fair Trade sa pagitan ng May Hawak ng Sertipiko, mga supplier, at kasosyo ay saklaw ng patas at transparent na mga kontrata.

6

### INTERNAL MANAGEMENT SYSTEM

Binabalangkas ang mga requirement para sa May Hawak ng Sertipiko at ng iba pa sa ilalim ng Sertipiko upang masiguro ang pagsunod sa mga requirement ng Pamantayan sa Produksiyong Pag-Agrikultura ng Fair Trade USA.

# Pamantayan sa Modyul

Ang mga sumusunod na pahina ay naglalaman ng buod ng mga requirement at responsibilidad ng bawat modyul. Ang programang Fair Trade ay isang paglalakbay sa patuloy na pagpapabuti, at ang mga requirement sa pagsunod ay nadaragdagan sa paglipas ng panahon. Bago pag-aralan ang mga requirement, tukuyin ang iyong sakahan at sukat ng pasilidad dahil dito ini-aangkop ng APS ang mga requirement at paraan ng pag-audit.

Ang mga **Kritikal na requirement** ay dapat matugununan sa particular na taon ng sertipikasyon (0, 1, 3, o 6).

Ini-aangkop ng mga **requirement sa Progreso** ang daan tungo sa pagpapabuti, at ang May hawak ng Sertipiko ay namimili ng mga gawi na ipatutupad muna, habang kinakamit ang patuloy na pagprogreso sa paglipas ng panahon at ang ganap na pagsunod sa ika-6 na taon ng sertipikasyon.

## Clave de símbolos

- ● ● ● Kritikal na mga requirement
- ○ ○ ○ Progreso na mga requirement
- \$ Pagpapatupad ng takdang panahon ay batay sa premium.
- \* Hindi gaanong mahigpit sa Maliliit na Sakahan at Pasilidad
- \*\* Hindi gaanong mahigpit sa Katamtamang laki at Maliliit na Sakahan at Pasilidad

## TUNGKULIN

- Maaring tukuyin ang (mga) indibidwal para sa tungkuling ito
- P Mga kailangang pagsasanay

## Modyul 1: Pagbibigay Kapangyarihan

Ang May Hawak ng Sertipiko ay responsable sa mga pamantayang ito.



### 1.1 - 1.2 Mga Maliliit na Magsasaka at Manggagawa ay Kinakatawan sa Fair Trade Committee upang Pamahalaan ang Paggamit ng Fair Trade Premium.

	SERTIPIKASYON				
	Minimum para sa sertipikasyon	T0	T1	T3	T6
Nauunawaan ng May Hawak ng Sertipiko ang tungkulin ng Fair Trade Committee, Pagsusuri sa Pangangailangan, at Plano ng Premium.	●	●	●	●	
Nagmumungkahi ang May Hawak ng Sertipiko ng inisyal na istraktura para sa (mga) Fair Trade Committee.	●	●	●	●	
Sinasanay ang mga Premium Participant sa hangarin ng Fair Trade Committee, Pagsusuri sa Pangangailangan, at Plano ng Premium.	P	\$	●	●	●
Inaaprubahan ng mga Premium Participant ang istraktura at hinihirang ang Fair Trade Committee.	\$	●	●	●	
Nagsasagawa ng Pagsususuri ng Pangangailangan upang matukoy ang kailangan ng mga Premium Participant, kanilang pamilya, komunidad, at kapaligiran.	\$	●	●	●	
Ang mga Premium Participant at Fair Trade Committee ay regular na nagpupulong.	\$	●	●	●	
Bumubuo ng Plano ng Premium ang Fair Trade Committee batay sa Pagsususuri ng Pangangailangan.	\$	\$	●	●	
Inaaprubahan ng mga Premium Participant ang Plano ng Premium.	\$	\$	●	●	
Nauunawaan ng mga Premium Participant ang paggasta ng Premium at pagpapatupad ng proyekto.	\$	\$	\$	\$	
Ang Pagsusuri sa Pangangailangan ay regular na ina-update.			●	●	
Sinasanay ang Fair Trade Committee kung paano magsagawa ng Pagsusuri ng Pangangailangan.	P		●	●	
May aktibong tungkulin ang Fair Trade Committee sa pag-update ng Pagsusuri sa Pangangailangan.				●	

### 1.3 Binibigyang Kapangyarihan ang mga maliliit na magsasaka upang mapabuti ang kanilang kabuhayan.

Hindi pinipigilan ng mga May Hawak ng Sertipiko ang mga smallholder na humawak ng mas maraming responsibilidad sa supply chain.		●	●	●	
Sinasanay ang mga smallholder sa kaalamang pinansyal o sinusuportahan upang pag-iba-ibahin ang kanilang kabuhayan tuwing tatlong taon man lamang.	P		●	●	

## SERTIPIKASYON

Minimum para sa sertipikasyon



Unti-unting nadaragdagan ang mga requirement

### 2.1 Walang forced, bonded, compulsory labor.

Ang mga manggagawa ay hindi nanganganib o napapailalim sa forced, bonded, o compulsory labor.




### 2.2 Ang mga bata at kabataang manggagawa ay protektado.

Ipinagbabawal ang pag-employo ng mga bata.

Pinoprotektahan ang mental at pisikal na kalusugan at kaunlaran ng mga kabataang manggagawa at bata na tumutulong sa sakahan ng pamilya.

Pinananatili ang detalyadong talaan ng mga kabataang manggagawa. \*\*

Kung may peligro ng child labor, isang plano ng pagpapagaan nito ang binubuo at ipinatutupad. \*\*



### 2.3 Freedom of association at ang karapatan sa collective bargaining.

Hindi nakikialam ang mga employer o nagdidiskrimina sa mga may karapatan sa freedom of association at collective bargaining.



### 2.4 Walang diskriminasyon o pang-aabuso.

Walang diskriminasyon ng mga manggagawa.


Tumatanggap lahat ng manggagawa ng pantay na sahod para sa pantay na halaga ng trabaho.

Hindi pinarusuhan, pinipilit, inaabuso, o ginigipit ang mga magsasaka at manggagawa.

Ang mga sakahan at pasilidad ay may panloob na patakaran at pamamaraan ukol sa sekswal na panggigipit.\*

Ang mga manggagawa at namamahala ay sinanay sa pamamaraan ng sekswal na panggigipit. \*

P



# Modyul 3: Sahod, Kondisyon sa Trabaho at Access sa mga Serbisyo

Ang mga employer at tagapamahala ng lugar ang responsable sa pagpapatupad ng mga pamantayang ito.



## SERTIPIKASYON

Minimum para sa sertipikasyon

Unti-unting nadaragdagan ang mga requirement

T0

T1

T3

T6

### 3.1 Ang mga kontrata sa trabaho at mga kondisyon ay malinaw.

Naiintindihan ng mga manggagawa ang kanilang sahod, iskedyul ng bayad, benepisyo at mga responsibilidad.	●	●	●	●
May umiiral na nakasulat na kontrata ang mga manggagawa.**	●	●	●	●
Mayroong pagsusuri ng tauhan at pangangailangan sa paggawa sa bawat lugar.	●	●	●	●
Sumusunod ang mga kontratista sa mga naaangkop na requirement ng APS.	●	●	●	●
Direktang ine-employo ang mga manggagawa o sa pamamagitan ng mga kontratistang nasa magandang katayuan.	○	○	○	○
Ang mga posisyon na regular at tuloy-tuloy ay may mga permanenteng tauhan.	○	○	○	○

### 3.2 Ang lugar ng trabaho ay ligtas.

May sapat na kagamitang pang-kaligtasan ang mga manggagawa at magsasaka.**	●	●	●	●
Napipigilan ang istress sa init sa pagbibigay ng malamig na tubig at lilim.	●	●	●	●
Binibigyan ang mga manggagawa ng serbisyo at pangangalaga para sa mga pinsala at sakit na natamo sa lugar ng trabaho.**	●	●	●	●
Nakatatanggap ang mga manggagawa at magsasaka ng taunang pagsasanay sa mga peligro sa lugar ng trabaho.*	●	●	●	●
Ang mga manggagawa na nangagasiwa ng mapanganib na mga pestisidyo ay binibigyan ng regular na pagsusuring medikal.	○	○	○	○
May nakasulat na pagtatasa sa mga peligro sa trabaho ng mga manggagawa.	○	○	○	○
Tinutukoy at tinutugunan ng Occupational Health and Safety Committee ang mga usaping pangkalusugan at pangkaligtasan.	○	○	○	○

### 3.3 Nakatatanggap ang mga manggagawa ng makatuwirang sahod at benepisyo.

Ang mga sahod at benepisyo ay tumutugon o lumalampas sa ligal na minimum.	●	●	●	●
Ang mga ligal, di-pang-disiplina lamang na pagbabawas sa sahod ang pinahihintulutan.	●	●	●	●
Nagbibigay ang mga employer ng benepisyong mag-leave upang magbakasyon, tuwing may sakit, at manganganak na tumutugon o lumalampas sa minimum ng APS.	○	○	○	○
Nauunawaan ng mga employer ang living wage at nagpapatupad ng plano patungo rito.	○	○	○	○
Ang mga manggagawa ay protektado ng health insurans, workers' compensation insurans, at pensyon sa pagreretiro.*	○	○	○	○



# Modyul 3: Sahod, Kondisyon sa Trabaho at Access sa mga Serbisyo (patuloy)

Ang mga employer at tagapamahala ng lugar ang responsible sa pagpapatupad ng mga pamantayang ito.



## SERTIPIKASYON

Minimum para sa sertipikasyon



Unti-unting nadaragdagan ang mga requirement

### 3.4 Ang mga indibidwal ay nagtatrabaho sa makatuwiang oras.

	T0	T1	T3	T6	
Ang isang linggong trabaho ay hindi lampas sa 48 na regular na oras at 12 boluntaryong oras ng overtime.*	●	●	●	●	▶
Ang isang araw ng trabaho ay hindi lalampas sa 14 oras.*	●	●	●	●	
Ang mga manggagawa ay may araw ng pahinga at may bayad ang pahinga*	●	●	●	●	

### 3.5 Etikal na kinukuha ang mga migranteng manggagawa.

	T0	T1	T3	T6	
Ang pagkuha ng migranteng manggagawa ay makatuwiran at transparent, at hindi sila nagbabayad ng anumang upa.		●	●	●	▶
Ang mga third party na recruiter ay rehistrado at nasa magandang katayuan.		●	●	●	
Binabayaran ng mga employer ang lahat ng kaugnayang gastos sa pangangalap.*			●	●	

### 3.6 May access ang mga manggagawa sa pangunahing pangangailangan at serbisyo.

	T0	T1	T3	T6	
May access ang mga manggagawa sa inuming tubig at palikuran.	●	●	●	●	▶
Ang pabahay sa manggagawa ay nakatutugon sa mga pamantayan ng kalinisan at kaligtasan.*	●	●	●	●	
Ang mga bata na naninirahan on-site ay may access sa edukasyon at daycare.**	●	●	●	●	
Ang mga manggagawa ay may mga pagpipilian sa pagbili ng kalakal at serbisyo sa makatuwirang halaga.*	○	○	○	○	

### 3.7 Nauunawaan ng mga manggagawa ang kanilang mga karapatan at maaaring maghain ng hinaing at alalahanin.

	T0	T1	T3	T6	
Nakatatanggap ang mga manggagawa ng nakasulat na impormasyon at pagsasanay ukol sa kanilang mga karapatan sa ilalim ng APS.*	●	●	●	●	▶
Ang mga magsasaka ay malayang ma-access ang mga hindi kilalang pamamaraan ng karaiangan.*	●	●	●	●	
Pinangangasiwaan ng Social Engagement Team ang komunikasyon sa pagitan ng mga manggagawa at pamatnugutan.*		●	●	●	

SOCIAL ENGAGEMENT TEAM





## SERTIPIKASYON

Minimum para sa sertipikasyon



Unti-unting nadaragdagan ang mga requirement

### 4.1 Ang tubig ay mahusay na ginagamit.

	T0	T1	T3	T6	
Malinis na tubig lamang ang ginagamit sa patubig.	●	●	●	●	▶
Alam ang pinagkukunan ng tubig at pinananatili ang sistema ng pamamahagi.	○	○	○	○	
Ang tubig na mula sa ground at surface na pinagkukunan ay itinatala at ginagamit nang tuloy-tuloy.*	○	○	○	○	

### 4.2 Mga pamamaraan sa produksiyon ay pinoprotektahan ang mga daluyan ng tubig at ecosystem.

Ang mga magsasaka ay sumusunod sa pambansang batas sa paggamit ng lupang pang-agrikultura.	●	●	●	●	▶
Walang pagkakaalbo o pagkasira ng natural na kagubatan.	●	●	●	●	
Ang mga magsasaka ay hindi gumagamit ng genetically modified na buto o mga pananim.	●	●	●	●	
Pinananatili ang mga buffer zone sa mga protektadong lugar, tubig, at mga pinagkukunan ng inuming tubig.	○	○	○	○	
Ang mga magsasaka ay pinoprotektahan ang mga on-farm na biodiversiti at mga nanganganib na uri.	○	○	○	○	

### 4.3 Gumagamit ang mga Magsasaka ng Integrated Pest Management (IPM) at iba pang Pinakamahusay na Kasanayan upang Protektahan ang Lupa at Bawasan ang Paggamit ng Pestisidyo.

Ang mga magsasaka ay nag a-IPM at binabawasan ang gamit ng pestisidyo.	○	○	○	○	▶
Nagpapanatili ng talaan ang mga magsasaka ng taunang dami ng ginamit na pestisidyo.	○	○	○	○	
Nagsasagawa ang mga magsasaka ng mga paraan upang maiwasan ang pagguho ng lupa, mapabuti ang katabaan ng lupa at mahusay na paggamit ng pataba.*	●	●	●	●	

### 4.4 Ginagamit nang ligtas ang mga pestisidyo at kemikal.

Ang mga magsasaka ay hindi gumagamit ng ilegal na mga pestisidyo.	●	●	●	●	▶
Ang mga magsasaka ay hindi gumagamit ng pestisidyo na nasa Red List of Prohibited Pesticides ng Fair Trade USA.	●	●	●	●	
Ang mga magsasaka ay gumagamit lamang ng mga pestisidyo sa Yellow List of Restricted Pesticides ng Fair Trade USA sa ilalim ng partikular na kondisyon.	●	●	●	●	
Ang May Hawak ng Sertipiko ay pinananatili ang listahan ng lahat ng pestisidyong ginamit.	●	●	●	●	
Ang mga pestisidyo at mapanganib na materyales ay iniimbak at ibinibiyahang ligtas.	●	●	●	●	
Ginagamit ang pestisidyo sa paraang maka-iiwas na matangay ng hangin at malantad ang tao*	●	●	●	●	

### 4.5 Ang pagtatapon ng basura ay hindi nagbabanta sa kalusugan ng tao at sa kapaligiran.

Ang wastewater ay ginagamot bago pinakakawalan.	●	●	●	●	▶
Ang pinakawalang wastewater ay hindi dumadaloy sa pinagkukunan ng inuming tubig.*	●	●	●	●	
Ang kalidad ng wastewater ay sinisubaybayan upang masiguro na tumutugon sa parametro ng ligtas na kalidad ng tubig.**	●	●	●	●	
Ang mga magsasaka at manggagawa ay nagsanay sa pangangasiwa ng organiko at mapanganib na basura.	○	○	○	○	
May plano sa pamamahala ng basura para mabawasan ang polusyon at peligro sa kalusugan.	○	○	○	○	



## SERTIPIKASYON

Minimum para sa sertipikasyon



Unti-unting nadaragdagan ang mga requirement

### 5.1 Mayroong traceability sa buong supply chain.

	T0	T1	T3	T6
Ang mga produktong Fair Trade ay may marka at inihihwalay sa mga di-produktong Fair Trade.	●	●	●	●
Ang galaw ng mga produktong Fair Trade ay dokumentado.	●	●	●	●
Ang dami ng produktong Fair Trade ay tumutugma sa dami ng binili.	●	●	●	●
May detalyadong mga tala ng lahat ng pinagkunan, binilhan, at ibinentang mga produktong Fair Trade.	●	●	●	●
Ang mga tala ng mga pagkalugi sa pagpoproseso ay itinatabi.	●	●	●	●

### 5.2 Ang mga kontrata ay sinusunod.

	T0	T1	T3	T6
Ang mga kontratang may kaugnayan sa benta at pagbili ng Fair Trade ay iginagalang.	●	●	●	●
Ang May Hawak ng Sertipiko ay may kontrata sa bawat supplier sa kasunduang pagbabayad at pautang.	●	●	●	●
Ang mga sakahan at pasilidad ay nakatatanggap ng detalyadong resibo ng bawat transaksyon.	●	●	●	●
Ang May Hawak ng Sertipiko ay nagbabayad ng tamang presyo at, kung nauugnay, Fair Trade Premium.	●	●	●	●
Ang utang at mga input o serbisyo sa sakahan ay ibinibigay sa makatarungan at transparent na paraan.	●	●	●	●

### 5.3 Ang mga May Hawak ng Sertipiko ay transparent sa Fair Trade USA at sa Organisasyong Nagsesertipika.

	T0	T1	T3	T6
Ang mga produktong kabilang sa saklaw ng Sertipiko lamang ang ibinebenta bilang Fair Trade.	●	●	●	●
Lahat ng aktibidad ng audit ay walang hadlang at malayang ibinabahagi ang impormasyon.	●	●	●	●
Ang produktong inimbak nang mahigit sa isang taon bago ang sertipikasyon ay hindi maaaring ibenta bilang Fair Trade.	●	●	●	●
Ang marka ng sertipikasyon ng Fair Trade USA ay ginagamit lamang nang may pahintulot.	●	●	●	●



## SERTIPIKASYON

### 6.1 Ang Internal Management System (IMS) ay pinadadali ang pagsunod at mga pagpapaunlad.

	Minimum para sa sertipikasyon	SERTIPIKASYON			
		T0	T1	T3	T6
Kahit isang tao ay responsable sa pamamahala ng IMS at pagsunod sa APS. <b>TAGAPAMAHALA NG IMS</b>	●	●	●	●	
Ang mga mapa ng May Hawak ng Sertipiko kung saan ang produktong Fair Trade ay itinanim, pinoproseso, at iniimbak.	●	●	●	●	
Binubuo ang Manwal ng IMS.	●	●	●	●	
Isinasagawa ang pagtatasa sa peligro upang matukoy ang mga lugar na may potensyal na di-pagsunod sa APS.	●	●	●	●	
Ang mga panloob na inspeksiyon sa lahat ng lugar na kabilang sa saklaw ng Sertipiko ay isinasagawa.	●	●	●	●	
Mayroong malinaw na proseso ng paglutas sa mga problema na nakita sa panloob na mga inspeksiyon.	●	●	●	●	
Ang Manwal ng IMS ay sinusunod.		●	●	●	
Isang Plano sa Pamamahala ng Peligro ay ipinatutupad upang matugunan ang mga resulta ng pagtasa sa peligro.		●	●	●	

### 6.2 Ang relasyon sa pagitan ng May Hawak ng Sertipiko at ng anumang hiwalay na pinamamahalaang entity sa ilalim ng Sertipiko ay transparent, nagbibigay kapangyarihan, at walang diskriminasyon.

Nauunawaan ng mga tagapamahala ng lugar ang kanilang mga responsibilidad sa ilalim ng Sertipikasyong Fair Trade.	●	●	●	●
Ang May Hawak ng Sertipikasyon ay hindi nagpapakita ng diskriminasyon sa kasalukuyan at mga potensyal na entity sa Sertipiko.	●	●	●	●
May kontrata sa pagitan ng May Hawak ng Sertipiko at hiwalay na mga entity sa Sertipiko na ipinaliliwanag ang mga responsibilidad ng APS.			●	●

